Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/10

Mga sagot sa Baguhin ang Ayos ng Pangungusap

Panuto: Kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*, baguhin ito para maging *di-karaniwan* o *kabalikan* ang ayos. Kung ang pangungusap ay may *di-karaniwan* na ayos, baguhin ito para maging *karaniwan* ang ayos. Isulat ang bagong pangungusap sa patlang.

1. Isa sa mga natatanging hayop ng Pilipinas ang Philippine tarsier.

   Ang Philippine tarsier ay isa sa mga natatanging hayop ng Pilipinas.

2. Sa timog silangan ng Pilipinas makikita itong maliit na hayop.

   Itong maliit na hayop ay makikita sa timog silangan ng Pilipinas.

3. Ang tarsier ay may pabilog na ulo at malalaking mata.

   May pabilog na ulo at malalaking mata ang tarsier.

4. Malambot ang dulo ng mga daliri ng tarsier.

   Ang dulo ng mga daliri ng tarsier ay malambot.

5. Kumakain ng maliliit na butiki, palaka, at insekto ang tarsier.

   Ang tarsier ay kumakain ng maliliit na butiki, palaka, at insekto.

6. Nakatira ang mga tarsier sa mga gubat at bukirin.

   Ang mga tarsier ay nakatira sa mga gubat at bukirin.

7. Sa mga patayong sanga kumakapit ang mga tarsier tuwing araw.

   Ang mga tarsier ay kumakapit sa mga patayong sanga tuwing araw.

8. Ang mga ito ay bumababa sa lupa tuwing gabi para maghanap ng pagkain.

   Bumababa sa lupa ang mga ito tuwing gabi para maghanap ng pagkain.

9. Lumulukso nang parang palaka ang tarsier kung ito ay nasa lupa.

   Ang tarsier ay lumulukso nang parang palaka kung ito ay nasa lupa.

10. Ang populasyon ng mga Philippine tariser ay unti-unting bumababa.

    Unti-unting bumababa ang populasyon ng mga Philippine tarsier.